


Valley Transportation Authority

# *TALAAN NG IMPORMASYON:* ***Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit***

## Capitol Station



## Pangkalahatang Ideya

Ang Transit-Oriented Development site ng Capitol Station ay isang 10.1 ektaryang ari-arian na matatagpuan sa Capitol Expressway at Narvaez Avenue sa Timog San Jose. Ang ari-ariang ito ay nagsisilbi bilang Park & Ride na lote para sa light rail at mga pasahero ng bus. Kasalukuyang siniserbisyuhan ang Capitol Station ng VTA light rail Blue Line at mga bus line na 37 at 70.

Nakipagpartner ang VTA sa MidPen Housing, isang nonprofit developer, upang magtayo sa site ng 200 unit ng abot-kayang pabahay. Isasama din sa proyekto ang muling itinayong sirkulasyon ng bus at isang plasa ng transit.

Nakipagpartner ang VTA sa Office of Supportive Housing ng Santa Clara County para sa proyektong ito. Pinangangasiwaan ng Office of Supportive Housing ang Affordable Housing Bond ng 2016 Measure A. Pinasisigla ng pakikipagpartner na ito ang pagpapaunlad ng abot-kayang halaga ng pabahay sa lugar na ito.

## Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit

Ang Transit-Oriented Development (TOD) Program ng VTA ay nakikipagtulungan sa munisipyo, sa non-profit at mga pribadong kapartner upang pasiglahin ang pagpapaunlad ng pabahay, tindahan, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na makakatulong sa pagdami ng sumasakay sa transit na siya namang makakadagdag sa sigla ng komunidad. Kasama sa Transit Oriented Communities Policy ng VTA ang Affordable Housing Policy, na humihiling na 25% ng pabahay sa site ay dapat na abot-kaya at hindi bababa sa kalahati ng mga abot-kayang yunit ay para sa mga samabahayang pinakamababa ng kita at napakababa ng kita.

## Mga Layunin

- Makipag-ugnayan sa komunidad upang tugunan ang mga alalahanin, makakuha ng feedback tungkol sa proyekto at istasyon, at makalikha ng proyekto na magpapaaninag sa mga pinahahalagahan at prayoridad ng pamayanan.
- Pataasin ang magkahalo ang gamit na pagpapaunlad, kabilang na ang mga opurtunidad para sa abot-kayang halagang pabahay na malapit sa transportasyon
- Maglaan ng mga oportunidad ng trabaho malapit sa transit
- Pasulungin ang pag-access sa bahagi ng istasyon
- Magbigay ng pangmatagalang kita na susuporta sa mga operasyon ng transit

## Mga Resulta

- Mga pabahay at trabahong malapit sa mga sentro ng transit
- Mas malinis na hangin at mas mababang pagbuga ng greenhouse gas
- Maluwag daloy ng trapiko
- Pagdami ng mga sumasakay sa pampublikong transit
- Nadagdagan ang publikong sumasakay sa transit

## Mga benepisyo

- Natugunan ang pangangailangan sa pabahay – nakakatulong upang matugunan ang mga krisis sa panrehiyong pabahay
- Mga pakinabang sa kapaligiran at pampublikong kalusugan
- Nabawasan ang pagiging umaasa sa sasakyan – ang mga residente sa TOD ay may mas kakaunting pangangailangan sa paradahan
- Pagiging nakikipagsabayang pang-ekonomiya – ang mga lokasyon ng TOD ay kaakit-akit sa mga employer
- Mga pakinabang sa pamayanan at sa piskal – nakakagawa ang TOD ng malaking katipiran sa sambahayan (ang mga taong nakatira malapit sa transit ay gumugugol ng mas kaunti sa mga gastos sa transportasyon)

## Mga Kailangang Pag-aasikaso Bago ang

| | |
|---|---|
| Pagpapaunlad | 2020-2021 |
| Pumili ng Developer | 2022 |
| Pag-aaral sa Pag-access sa Istasyon | 2022- 2023 |
| Aayusin ng Developer ang mga Proyekto sa pamamagitan ng Opinyon ng Komunidad | 2022-2024 |
| Pananalapi at mga Permit ng Lungsod | 2024-2026 |
| Konstruksyon | 2026-2029 |

## Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

**VTA Community Outreach**
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY
*vta.org/capitoldevelopment*
*community.outreach@vta.org*

capitol-111623-TAG